



REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Tanggapan ng Kalihim
Office of the Secretary

Direct Line: 687-2922 / 687-4177
E-Mail: osec@deped.gov.ph
Website: <http://www.deped.gov.ph>

'JUL' 01 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 206 s.s. 2003

IKA-14 NA PAMBANSANG KUMPERENSYA NG KASAYSAYAN AT KALINANGAN

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Tagapamahala ng mga Paaralang Sekondari

1. Ang ika-14 na Pambansang Kumperensya ng Kasaysayan at Kalinangan ay gaganapin sa Lungsod ng Puerto Prinsesa sa Nobyembre 26-30, 2003. Ito ay sa pagtataguyod ng Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas, Inc. (ADHIKA) sa pamahalaang panglungsod ng Puerto Prinsesa at panlalawigan ng Palawan, National Commission for Culture and the Arts (NCCA), at National Historical Institute (NHI).
2. May dalawang layunin ang kumperensya:
 - a. Alamin ang mga bagong pag-aaral hinggil sa kasaysayang Pilipino na magpapayaman sa kahandaan ng kaguruan sa pagtuturo ng araling Makabayan at kasaysayan;
 - b. Magkaroon ng pambansang pakikipagtalastasan ang mga guro tungo sa pagbubuo ng programa para sa mga lokal (rehiyonal) na pagsasanay hinggil sa iba't ibang malikhaing pamamaraan sa integratibong pagtuturo ng araling panlipunan, agham at kasaysayan.
3. Upang bigyan ng pagdidiin sa mayamang kalinangang bayang nakaugnay sa ating kalupaan, tubig, at karagatan bilang arkipelago, at dahil sa katayuan ng bansa bilang isa sa tinaguriang "Hottest of Biodiversity Hotspots" ng daigdig, ang tema ng kumperensya para sa taon ay Balidad Ca Calibotan (Kasaysayang Pangkapaligiran Ng Pilipinas Hanggang Ika-19 na d.t.).
4. Ang kumperensya ay taunang pagbabahagi ng mga bagong pananaliksik na tiyak na makapagpapayaman sa pagtuturo ng kasaysayan ng Pilipinas at mga kaugnay na aralin sa antas na elementarya, sekundarya at kolehiyo. Makapagpapayaman ang mga tatalakayin sa kumperensya sa pagtuturo ng Makabayan sa antas elementarya at sekundarya ng sistemang pang-edukasyon.
5. Ang registration fee bawat kalahok ay Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php2,500.00) para sa libro, kit at handouts, at dagdag na Isang Libo at Limang Daang

Piso (Php1,500.00) para sa opsyonal na Lakbay-Aral. Ang mga gurong mula sa mga pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa **opisyal na oras lamang**. Para sa karagdagang kaalaman, makipag-ugnayan kay Dr. Rowena R. Boquiren sa telepono blg. (074)-442-2427.

6. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Alma D. Apanay-deped memo-adhika
June 27, 2003

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran: Blg. 263, s. 2002

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Iilagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES
SOCIETY or ASSOCIATIONS
Learning Area, MAKABAYAN